

Lawak ng Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino at Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro

Margielyn P. Sardoma¹, Marefe Silongan Peralta²

¹Student, KCAST

²Instructor, KCAST

ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo sa deskriptibong korelasyunal na teknik. Ang mga respondente ay binubuo ng 235 na mga mag-aaral mula sa Unang Taon ng Institusyon ng Edukasyon (ITED) sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos. Batay sa natuklasang resulta, lumabas na ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro ay parehong mataas. Bukod dito, natuklasan din sa pag-aaral na ang dalawang baryabol na lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro ay may makabuluhang ugnayan. Inirerekomenda ng mananaliksik ang pagpapatupad ng mga programa para sa pagpapalakas ng antas ng kasanayang propesyonal ng mga baguhang guro sa pagtuturo ng Filipino, na maglalayong mapabuti hindi lamang ang kanilang propesyonal na pag-unlad kundi pati na rin ang kalidad ng edukasyon at tagumpay ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, mahalaga ring bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang mga kasanayan sa pagsasaliksik, pagsusulat, at pagpapahayag upang magkaroon sila ng kumpanyansang magamit ang kanilang kaalaman sa iba't ibang larangan. Gayundin, inirerekomenda ang paggamit ng mga aktibong mga estratehiya sa pag-aaral na makatutulong sa parehong mga mag-aaral at guro para sa mas epektibong paraan ng pagkatuto.

MgaSusingSalita: korelasyunal na teknik, lawak ng pagpapahalaga sa asignatura, estilo ng pagtuturo

Kabanata 1

INTRODUKSYON

Sa bahagi na ito tatalakayin ang rasyunale, layunin ng pananaliksik at haypotesis. Kalakip din dito ang kaugnay na literatura, teoretikal na balangkas, konsepto na balangkas, kahalagahan ng pagsusuri, at depinisyon ng terminolohiyang gagamitin sa pananaliksik.

Rasyunale

Masasalamang ang salat na pagsuporta sa ating pamahalaan at institusyon na nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo sa asignaturang Filipino. Kawalan sa kahandaan, mababang interes, at negatibong punto de bista patungkol sa asignatura. Ang kakulangang interdisiplinaryong pagtuturo, na isinasama sa iba pang asignatura, ay nagiging dahilan para sa estudyante na hindi makita ang kaugnayan ng Filipino sa

maraming aspeto ng kanilang pag-aaral. Isang katotohanang marami ang nahihirapang makamit-pangkasanayan ng asignaturang Filipino (Cabello, 2022).

Sa Alberta, Canada, nanatiling isang hamon ang panrehiyon, at hindi mandatoryong paghahanda ng mga kagamitang pampagkatuto at pagsasanay ng mga guro kaugnay sa paglinang ng kaalaman sa Filipino. Nahihirapang matugunan ng ibang guro ang kakaibang sistema ng edukasyon ng bansa. Bunsod nito, madaming Pilipinong tagapag-gabay ang naguguluhang iugnay ang Filipino na aralin partikular na sa lokal na patakaran at regulasyon sa pagtuturo ng wika partikular na sa bansang Canada (Petras, 2023).

Sa Pilipinas, isang malaking isyu sa mga nakaraang taon ay ang pagbawas o pagtanggap ng Filipinobilang pangunahing asignatura, tulad sa mataas na antas ng tersyarya sa ilalim ng *K-12* Batayang Programa ng Edukasyon partikular na sa buong Rehiyon 3 at sa buong bansa. Mahigit 10,000 guro sa kolehiyo ang naapektuhan dahilang upang hindi matugunan ang pangangailangan ng mga paaralan. Patunay ito na mahirap makamit ang karunungan kung bagsak ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignatura, lalo na kung patuloy nagagambala ang paglinang nito (Teach, 2018).

Kung gayon, sa pag-aanalisa, ipinaiiral na maidentipikasa ang ugnayan ng labis na aspeto o kasanayan na magdudulot ng malawakang pag-aaral hinggil sa mahusay na pagbibigay-tuon sa asignaturang Filipino. Sa pagsisiyasat, inaalang yaring relasyon nitong dalawang baryabol kaugnay sa malawakang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at pamamaraan ng mga guro upang lubos na malinang ang akademikong pagganap sa kasalukuyan. Dulot nito, naniniwala ang tagapagsuri na matutugunan ang pangangailangan sa pagtamasa ng pangkaalaaman dulot nitong *academic progress and social relationship in First year at the Institusyon of Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*.

Samantala, hindi nakatagpo ang mananaliksik ng anumang pangangalap nakapagsagawa nitong kaparehong layunin. Maging itong "*Pananaw ng mga Mag aaral ng Colegio San Sgustin Bacolod sa Kahalagahan ng Pagtuturo ng Kursong Filipino sa Kolehiyo*" ni (Kezejah Cañete, 2019) na nakatuon sa negatibo o postibong estratehiya ng guro. At pananaliksik na "*Estilo ng Guro sa Pagtuturo at Aktibong Motibasyon*" nina Alquizola at Lopez (2018) na nakapukos lamang sa aktibong motibasyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang pagsusuri na ito ay may malaking kaibahan sa sandamakmakang tagapagsuri at naging hudyat sa mananaliksik ang pangangailangan sa pagatamo ng kognitibong kamalayan, kakayahan at kasanayan katuwang ang malaking pagganap o may mataas na karunungan sa mabisang pagtuturo ng asignatura ito.

Matapos ang pag-aanalisaang ito, naglalayon-mananaliksik kung saan mailathala at maipamahagi sa malawakang saklaw yaong larangan nitong edukasyon gamit ang *conference and publishing process* sa tuwirang pagpapalakas ng interaksiyong magdudulot sa pamahalaan ng awotratibong aksiyon. Sa pagdisiminang ito, magbibigay-daan upang mas maunawaan ng tagapagturo at estudyante ang katuturan nitong asignaturang Filipino kaugnay sa paghubog ng pagkakakilanlan, kultura, at kamalayan ng mga Pilipino. Ang maayos na paglalathala ng resultang magbibigay-daan sa mas mabuting pamamaraang pagtuturo.

Layunin ng Pag-aaral

Inaasahan sa pagsusuring ito na alamin ang tiyak na ugnayan nitong malawakang pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral sa unang taon ng *Institute of Teacher Education (ITED)* ng KCAST.

Sa pag-aaral, ay tiyakang makakakuha ng sagot sa sumusunod na mga hangarin:

1. Alamin ang lawak ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa:

- 1.1. interes/kawilihan sa asignatura;
- 1.2. motibasyon sa pag-aaral;
- 1.3. paggawa ng mga kursong pangangailangan; at
- 1.4. paggamit ng wikang Filipino
2. Alamin ang antas ng estilo ng pagtuturo ng mga guro batay sa:
 - 2.1. demokratikong estilo ng pagtuturo;
 - 2.2. awtorisadong estilo ng pagtuturo;
 - 2.3. *laissez faire* na estilo ng pagtuturo; at
 - 2.4. kakaibang estilo ng pagtuturo
3. Alamin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro.

Haypotesis

Itong *null hypothesis* kung saan sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang tiyak na ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro, at wala ring tiyak na kaibahan sa lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro sa loob ng klase.

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang mga ideyang ilalahad na may kinalaman sa pagsusuri na pinamagatang "Lawak ng Pagpapahalaga ng Asignaturang Filipino at Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro" sa unang taon nitong *Institute of Teacher Education (ITED)* ng KCAST.

Lawak ng Pagpapahalaga ng Asignaturang Filipino. Masasalamatin na nagdulot ng malaking dulot sa pagkatuto o kasanayan ng tagapakinig. Sa pagbibigay-halaga ay maliwanag na nakasaad alinsunod sa Sirkular Blg. 26 noong ika-12 ng Abril, 1940. Inuutos ng sirkular ng tagapagturo ng pambansang wika, katulad ng *higher school at normal school*. Binibigyang-diin ng sirkular na ito ang pagpapahalaga ng pamahalaan sa wikang tagalog. Sa pagbibigay-kaalaman, nagdulot na maunawaan ang pagpapahalaga sa wika. Sa gayon, magbigay-inspirasyon sa mas malalim na pagmamahal, suporta, at tamang pagpapahalaga sa sariling wika (Cams, 2020).

Gayunpaman, mahalaga ang mga diskusyon sa klaseng mga paksa sa Filipino. Nakikilahok ang lahat katulad nitong interaktibong palitan sa ating ideya kaakibat ng mga guro at tagapatanggap ng kaalaman sa pagbibigay-idea, at analisis nitong paksa sa Filipino. Tulad nitong diskusyon, maaaring paigtingin ng husto sa kakayahan sa pagbigkas at pakikinig habang nagkakaroon ng malawig na karunungan. Tulad nitong sitwasyon, tiyak na malaki ang magiging epekto nito sa kanilang pagpapahalaga at interes sa asignaturang Filipino (Rubino, 2018).

Samantalang, lumalabas na ang pagganap sa pagbibigay-halaga ng tagapakinig sa asignatura ay lubusang pinagtutuonang pansin tulad nitong maraming kabataan. Ito ay na naglalaan ng kaukulang oras o importansya sa asignaturang Filipino tulad ng kanyang pagtingin maraming subjek, nagpapatunay na may malalim siyang pagpapahalaga sa asignatura sapagkat hindi niya ito pinapabayaang at mas pinagbubutihan pa niya ang pagsusumikap upang magtagumpay sa nasabing larangan. Walang duda na may malaking pagbibigay-halaga ang paggamit ng sariling atin sa asignatura, lalo na sa proseso ng pagkatuto at pagbibigay-tugon sa interaksyong nangyayari sa loob ng klase (Zamora, 2018).

Dagdag pa, ang pagbibigay-halaga nitong asignatura, naglalarawan ng pagkilala sa kanilang wikang kinagisnan. Ayon sa Artikulo XIV, Seksyon 6-9 ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas, itinatadhana na ang

Wikang Pambansa ay Filipino. Bilang tugon, ipinasa ni Kalihim Lourdes Quisumbing ng DepEd ang Kautusan Blg. 52, na nag-uutos ng paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa lahat ng antas ng edukasyon, kasabay ng Ingles, sa parehong pribado at pampublikong paaralan. Kung kaya't mahalaga ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral dahil ito ang kanilang gabay upang mas maging madali ang proseso ng kaalaman (Villafuerte, 2020).

Samakatuwid, mahalaga ang pagpapanatili ng asignaturang ito sa pagpapanatili ng ating kulay, kultura, at wika. Sa kabila ng mga pagbabagong dulot ng modernisasyon, ang paggamit ng Filipino sa paaralan at lipunan ay susi upang maiwasan ang tuluyang pagkawala nito. Kaugnay sa pananaliksik, ang asignatura ay higit pa sa pagkilala, pag-unawa, at pagtanggap sa kultura ng madaming pangka-etniko ng Pilipinas, upang ang lahat ay makakilala at magpahalaga sa malawakang sakop ng asignatura (Fleming, 2021).

Interes/kawilihan sa Asignatura. Isiniwalat na ang interes nitong asignaturang Filipino, nagpapahiwatig sa masiglang kasiyahang pagganap, pag-intindi, at pagsunod sa mga gawain na kaakibat sa nasabing asignatura. Batay sa mga pagsusuri, ang masigla at kusang-loob na pag-aaral ay mas pinadali kapag mayroong sapat na interes kaunay sa tiyak nating larangan. Inilalarawan nito ang isang pamamaraan upang mabuo ang pagmamahal ng tagapakinig sa asignatura. Ang pagkakaroon ng sapat na interes sa nilalaman ng asignatura ay makakatulong sa pagpapabuti ng pag-usbong ng kanilang pagmamahal sa sariling wika. Kinakailangan na magkaroon ng panibagong ideolohiya kaakbay ng tanong ng tagapagturo at kakaibang gawi sa klase (Bajala, 2021).

Kaugnay nito, ang pagkakaroon ng sapat na kawilihan sa asignatura, pangunahing sukatan sa nasabing larangan. Samantalang, kapag ang kawilihan ng isang estudyante ay hindi sapat, may posibilidad na hindi niya maipasa ang asignatura o bumaba ang kanyang marka. Bukod dito, ang pananabik ng estudyante, naglalarawan kung paano siya makibahagi sa talakayan at magiliw na nagagamit ang wika sa pagpapahalaga sa nasabing asignatura. Sa madaling salita, ang mataas na kawilihan sa asignaturang nagdudulot ng panibagong pag-asa sa magandang pag-intindi o pagkilala sa kahalagahan ng Filipino, na nagiging pundasyon maliban sa tagumpay pang-akademiko maging ang malalim na paglago bilang isang indibidwal. Dahil ang *performance* o aktibidad na magiging angkop sa pagsusuri upang tantiyahin ang kanilang malalim na karunungan sa paksa (Quiambao, 2018).

Bukod dito, madalas nahihirapang maunawaan ang pagbibigay-halaga nitong asignaturang Filipino dahil iniisip ng iba ito ay sobrang madali, hindi nakakawili, at nakakapagod. Ang mga pananaw, kung saan nagiging dahilan sa pagbaba na bigyan ng mas mataas na prayoridad ang ibang asignatura na iniisip nilang mas mahalaga. Gayunpaman, maraming taliwas na nauunawaan na ang asignatura, may mas kabilang ang likas na kakayahan bilang mga Pilipino (Valaro, 2018).

Bilang karagdagan, sa dami ng aspetong pagnanais ng estudyante, maaaring maging mahirap maging paghikayat sa kanilang mag-aral. Nangangailangan ito ng maraming oras at pagsisikap kaakbay ating guro o magulang upang maingat na taktika ng mga estratehiyang magpapasigla ang mga ito sa talakayan. Kinilalang pagtataguyod bitbit nilang koneksyong materyal na kanilang pinag-aaralan. Mas malamang na maintindihan natin sa lebel sa tersaryang mahalaga itong asignatura sa buhay kapag may personal na koneksyon sila sa kanilang edukasyon. Ibig sabihin, ang malalim nating pag-unawa sa materyal natamong kaalaman ay mas nakakapaglikha ng makabuluhang espasyo para sa paglago ng kanilang interes sa pag-aaral (Singh, 2020).

Samakatuwid, ang magandang kasanayan ng isang mag-aaral sa pagkatuto ang maghahatid sa masayang pagkawili sa asignaturang Filipino na mas pagtutuonan ng pansin at bibigyang pagpapahalaga na magbubunga sa mag-aaral na matuto, umunawa at intindihin ang mas malalim na kahalagahan ng

asignaturang Filipino. Ang pagbibigay-tugong pumili sa paksa, o gawaing tugma na maaring lubos na magpataas ng kanilang motibasyon at antas ng interes (Davis and Kim, 2021).

Motibasyon sa Pag-aaral. Napatunayang gumaganap itong bilang mahalagang papel sa pagbuo ng pagkatuto sa nitong asignatura. Kapag motibasyon lubos na matamo, nararamdaman nila ang lakas ng loob na pagpupursigi at determininasyong magpapatuloy sa madaming hamong maabot itong inaasahang layunin. Layon nitong makamtan kaakibat yaring kawilihan at nakikitang pagkakataon para sa paglago, inaasahan na sila ay magkakaroon ng motibasyon na mag-aral at mapabuti ang kalalabasan (Dweck, 2019). Dagdag pa, ang terminong motibasyon ay ang makina na nagpapatakbo sa kilos nating indibidwal, pumupukaw upang magtrabaho bilang pag-abot makamit lamang yaong layunin. Ang pagharap sa kakulangan ng motibasyon-mahirap na balakid dahil sa malaking dulot nito sa pang-*academic performance* kaya, nakakaapekto maging ating desisyong magpapatuloy. Tumataas ang motibasyon na matuto kaakibat ating pagpapalakas gamit samutsaring motibasyong matamo itong magkaibang asignatura (Chuter, 2020).

Gayundin, ang pag-unawa at pagsulong ng motibasyon sa mahalagang tungkulin ng ating guro maitaguyod ang makabuluhang at epektibong mga karanasan sa pag-aaral. Mga halimbaw itong motibo ng ating pangangailangan na matuto, partikular na kasanayan upang matapos ang isang gawain; masubukan ang mga bagong karanasan; ang pangangailangan na mapabuti ang mga kasanayan upang malampasan ang mga hamon; makamtan ang kahusayan; o ang pangangailangan na makipag-ugnayan sa iba. Ang pagsulong ng isang pagpapalago ng isipan ay maaaring magdagdag ng motibasyon ng mga mag-aaral (Blackwell et al. 2018).

Sa karagdagang impormasyon, ang magkaibang konstruksyon ng motibasyon tulad ng mga layunin, halaga ng gawain, kagalingang matamo ating kagalingan pansarili, at umaasang lumago. Saklaw nitong konstruksyong itinuturing bilang motibasyong pang-akademikong kakayahan kaysa sa simpleng talino. Kabilang ang pagiging matatag sa harap ng mga pagsubok, dedikasyon sa pagtatapos ng mga gawain, pagtakas sa gawaing nakasanayan, interes sa kumplikasyon, kasanayan sa independiyenteng trabaho, pagkiling sa pagharap sa bagong mga hamon, kakayahan na ipahayag at ipagtanggol ang mga pananaw, at determinasyon sa pagtangkilik sa personal na mga paniniwala (Robbi, 2020).

Samakatuwid, ang personal at sosyal na mga salik na makapag-iiba kaakibat ating pagpapasya tulad nitong *extrinsic* na motibasyon, kabilang dito ang *peer group*, kapaligiran, at ang *hierarchy of needs*. Halimbawa lamang ng isang estudyanteng gutom, mahirap mag-focus kung kaya napapababa nito ating *low self-esteem o ego*. Kapag konektado lamang ating asignatura kaakibat ating tagapakinig, nasisiguro nitong natutugunan epektibong pakikisangkot, at ito ay lumalim habang nakikita silang naglalaan ng mas maraming oras at pagsusumikap gamit itong wika. Kapag nararamdaman yaong suporta, inspirasyon at pagpapahalaga mula sa kanilang mga guro, mas tumataas ang kanilang motibasyon sa inaasahang pagkatuto (Reeve, 2021).

Paggawa ng mga Kursong Pangangailangan. Ang paggawa ng mga kursong pangangailangan ay maaaring maging mahirap ang mga aktibidad sa asignaturang Filipino sa ilalim ng ilang pagkakataon, lalo na at nasusubok ang pang-unawa ng isang mag-aaral sa asignatura. Ito ay naaabot gamit gamit ang makukulay o natatanging paraan ng pagganap. Isa sa pinakamadali at makabuluhang paraan ng pagpapahalaga nitong asignatura ang paglaan ng panahon kaakibat itong gawaing-pagganap. Ang simpleng paggawa lamang ng itinakdang gawain sa asignaturang Filipino ay nagpapakita na ng malaking pagpapahalaga rito, kahit na maaaring may iba't ibang gawain o aktibidad kung saan nagbago yaong

paraan ng pag-aaral. Ito ay nagbibigay-gabay, pamamaraan nating lumikha ng pagsusuri't pagpapaunlad ng kasanayan (Rodriguez, 2020).

Kaugnay pa, ang pagpapahalagang ito ay bunga ng pagpapahalaga nitong asignatura, kahit iniisip nilang mahirap bawat gawain. Subalit, patuloy pa rin silang nagpupursigi na mapagtagumpayan ito nang buong husay. Ang pamamahala ng ugali, nagsilbing malaking gampaning pansilid-aralan, at motibasyong may malaking bahagi kung paano kumikilos ang mga bata. Bawat estudyanteng likas nitong motibasyon, madalas mahirap hanapin, sapagkat kadalasan ay naapektohan ang motibasyon ng masusing paggamit ng mga panlabas na pampasigla sa paaralan. Sapagkat itong ating motibasyong nagsisilbing mahalagang bahaging prosesong pangkaalaman (Diasti, 2020).

Bukod dito, ang pagkilala at pagtugon sa mga pangangailangan ay nagbibigay-tugon at kahalagahan pang-academics higit ng isang tao. Ipinagtibay yaring pagsusuring isang kurso na nakatuon sa mga pangangailangan, hindi lamang naipapamalas ng isang mag-aaral ang kanyang personal na pag-unlad, maging pagpapalawak-kaalaman sa lipunang kanyang kinabibilangan. Kapag maunawaan bawa pangangailangan nitong asignatura, mas magiging mahalaga sa kanya ang kurso at maiintindihan niya ang layunin ng mga gawain na ibinigay ng guro. Sa bandang huli, mapagtatanto niya na ang mga pangangailangan sa asignaturang Filipino ay naglalayong bigyan ito ng kahalagahan at importansya sa kanyang edukasyon (Ponce, 2018).

Sa kabilang banda, ang paglalaan ng aktibiti kaugnay nitong kurso tumutugon bawat isyung kahalagahan at kaugnayan pang-talakayan. Gamit ating pagkakaroon yaong koneksyon sa aktwal na pangyayari, nagkakaroon ng kabuluhan ang nilalaman ng kanilang pag-aaral dahil ito ang maaaring maging susi sa kanilang pag-unawa sa aralin, at maaari din itong magbigay ng kanilang maayos na pagpapatupad higit sa apat na kwadrang silig maging pang-hinaharap na trabaho. Kung kaya, magiging mas inspiradong mag-aaral ng bagong kaalaman at kasanayan na maaaring magdulot ng pag-unlad sa kanilang sarili (McClure, 2022).

Gayunpaman, pagsasakatuparan nang proyekto, dito naihahayag ang bawat interes, na nagiging pundasyon sa pagbuo ng kanilang mga mahahalagang kasanayan. Pagtukoy nang layuning pang-kurso ay nagdulot ng inspirasyon sa estudyanten inaasahang matamo. Bawat itinakdang layunin ay naglalagay sa kanila sa tamang landas bilang patamong matuto. Pinapahalagahan at mas epektibong pinipili ang kanilang mga pamamaraan sa pagkuha ng impormasyong makamtan bawat leksyon (Wilcox, 2018).

Paggamit ng Wikang Filipino. Lumalabas na ang paglinang ng wika ay mahalagang bahagi sa pagpapahayag ng ating kultura, identidad, at pagkakakilanlan. Ito'y nagbubukas ng pagkakataon sa matiim nating pagninilay sa ating kasaysayan o nagpapalalim sa ugnayan ng mga mamamayan. Ngunit, may mga hamong kinakaharap ang pagsasanay ng wika. Kabilang rito ay impluwensyang dayuhang wika at kultura sa ating bansa, na maaaring magdulot ng pag-aatubiling gamitin ang sariling wika. Datapwat, may kalayaan bawat Pilipinong magpahayag ng kanilang opinyon at damdamin sa paraan na kanilang pinipili, gamit ang wasto at mahinahong mga salita. (Quia et al. 2018).

Dagdag nito, isang instrumento ating wika para maipahayag ang mga kaisipan o konsepto ng bawat isa. Ibig sabihin, ang pagsasalita nang malinaw at may kabuluhan, ang mabilis at malayang pagpapalitan ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-uusap, at ang paggamit nito sa samutsaring konteksto ay ang pangunahing sangkap sa mahusay na pagsasalita kaugnay sa pagpapahalaga sa paggamit ng wika (Manalus, 2021).

Samantala, kasabay nitong mabilis na pagbabago ng ating makabagong mundo-nagbabago rin itong wika. Di-mabilang ang pagbabagong proseso, kaakibat ng ating kakayahan sa pagsusulat at pagsasalita. Isang

patunay lamang itong *abbreviation*, mga *acronym* kung saan nagpapakita ng implementasyona sa unang titik ng isang salita. Isa pang halimbawa ay ang pagpapalit ng mas madali, mas mabisa at mas mabulaklak na mga termino sa sa makabagong panahon. Ang paggamit ng kolokyal na wika, o *slang*, na itinuturing na pinakamababang uri ng pagsasalita na madalas gamiting trend kung saan pinakatanyag ngayon. Ito ay nakaapekto sa leksikon ng indibidwal gamit itong metamorphosis ng kahulugan ng termino at ang pagtanggap ng bagong mga aplikasyon ng wika. (Bago & Go, 2021).

Samakatuwid, ito ay nagsilbing daang maisawalat bawat kaalamang patungkol nitong elemento ng wika. Sa kasalukuyang pagganap sa klasrum. Ito rin ay nagsilbing pagsasanay para maging handa sa susunod na aplikasyong kinakailangang kahusayan sa intelektwal. Ipinapahiwatig nitong wika’y nagtatakda ng isang bansa maging kanyang mamamayan, ito ay mahalaga saanman. Kahit kolehiyo ay ipinapakita at tinuturuan patungkol nitong wika maging kultura sa pangkalahatan, tumutulong maunawaang ibig-ipahiwatig maging isang Pilipino o kaya’y gamitin kapag kinakailangan. Dahil dito, masusing nagkakaintindihan bawat mamamayan sapagkat magaan nilang naipadama kanilang mga damdamin o pananaw. (Albay, 2019).

Ang tungkulin ng bawat paarala’y napakahalagang gampanin maging pagpapalaganap ng wika. Upang mapalawak ang paggamit ng wika, mahalaga ang pagtuturo nito sa mga institusyon ng edukasyon. Ang kasaysayan ng pagtataguyod ng wika ng bansa ay binibigyang-pansin sa loob ng mga paaralan. Kahit paghanga nitong wikang Filipino’y magbubukas-daan sa kanila upang mas gamitin, palawakin, at pahalagahan ito nang higit pa (Dira, 2021).

Estilo ng Pagtuturo. Kasabay ng malaking pagbabago ng modernisasyon, itinuturing na malaking isyu para sa mga guro ang estilo ng pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sapagkat kadalasang gumagamit ang mga guro ng malalalim o di-karaniwang bokabularyo mula sa tradisyunal na pamamaraan. Kung kaya ay mahalaga ang mahusay na komunikasyon nang higit maipakita bawat kahusayan sa pagkatuto at pagtuturo. Ang estilo o paraan kung paano inilalahad ng guro ang leksyon ay may epekto sa kung gaano kabilis natututunan ng estudyante itong materyal na prosesong pagtuturo. Binibigyang diin na kritikal ang metodolohiya ng pagtuturo upang mas mapabilis ang pag-alam ng estudyante. Dapat pagyamanin o pag-ibayuhin ng tagapagturo ang kakayahang mapatalas ang kaisipan ng kabataan (Manny, 2019).

Dagdag pa, ang kasanayan sa pagsasalita at pakikinig ay mahalagang hakbang nitong larangang metodolohiya sa pagtuturo. Matinding epekto hatid nitong bawat tagapagturo makipag-usap sa mag-aaral. Ang pag-usbong nitong bagong terminong panteknolohiyang nagdudulot ng kakulangan sa bokabularyo ng mga kabataan at kadalasang hindi nila pinapansin ang mas malalalim na mga pahayag. Natutulungan maunawaan bawat pagkakaiba ng kasalukuyan maging nakaraang asignaturang Filipino maging matalinong paggamit ng mga salita. Bilang bahagi nito, tungkulin din ng guro na maging handa sa pakikibahagi sa talakayan kasama ang mga estudyante. Ito ay nagbibigay daan patungong karanasang pang-akademiko, sa kasalukuyan ay kinikilala bilang makabagong nag-aaral dahil sa kanilang kasanayang umangkop at magamit ang teknolohiyang panturo (Sinag, 2020).

Bukod dito, isa pang mahalagang kadahilanan ay ang kawalan ng sapat na pagsasanay kabilang ang ilang tagapagbigay-karunungan nitong asignatura maging pagsusulong sa kritikal nating pag-iisip o pagsusuri. Madalas kulang yaring paglinang sa ating kakayahang sumuri ng teksto, pag-analisa ng konteksto, o pagbuo ng opinyon sa edukasyon, na pangunahing nakatuon lamang sa gramatika at tamang paggamit ng wika. Dahil dito, kung hindi bibigyang prayoridad ang pagpapalalim sa kasanayang mapanlikhang pagsusuri o panitikan, ang pagsisiyang yaon nitong Filipino ay maaaring mawalan ng saysay. Mayroon din mga guro na nahihirapan sa pagsusuri ng wika at panitikan nang walang sapat na konteksto sa

kasaysayan. Dapat maging maalam tayo higit nitong ating wika, panitikan, o kasaysayan ng bansa. Ang mga guro ay naghahangad na makapagsulong nitong makabuluhang pagsasanay sa asignatura, sapagkat, mahalaga itong batayang teorya ng wikang gramatika, maging aplikasyon nitong pagtuturong makapagbigay ng makabuluhang tulong. (Gannaban, 2020).

Samantala, bawat estratehiyang pinagtibay nitong Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang kakayahan o kaalamang matugunan anumang gawi pati isyu. Ang terminong "istratehiya," na naglalarawan ng mga kasangkapan at paraan na ginagamit sa bawat lebel ng pag-aaral ay kasamang pagtuturo nitong wika sa bansa. Upang maipasa ang mga kaisipan, ideya, kaalaman, at kakayahang panturo. Ito'y layuning patuloy sa paggabay ng tagahatid-karunungan. Maging layuning maisiwalat yaong kaisipan na makakatulong gamitin ng estudyanteng mayroong magkaibang kasanayan, higit sa pag-intindi, lalo na kapag ang paksa ay isinasaalang-alang. Sa pag-uusap ng "Paraan ng Pagtuturo," itinuturing ang pagtuturo bilang isang sistema para sa pag-unlad ng bawat isa. Ito rin ay itinuturing na pinakamadaling paraan upang maunawaan ang isang bagay (Zulfa, 2017).

Samakatuwid, upang mahinuha ang layunin sa estilo at istratehiya ng guro sa loob klase kinakailangang nakagagawa ang guro ng makabagong materyales bilang silbing gabay para mapukaw yaong interes ng kabataan. Sa panahon ngayon ng guro ay tila mundo na umiikot sa pagbabago at punong-puno ng pagsubok kung saan kinakailangan nilang tuklasin at siyasinat yaong panibagong estilong makakatutulong upang lalong maunawaan mga nilalaman, doktrina, at alituntunin ng isang paksa o aralin. Binibigyang diin maibahagi yaong karunungan mula sa guro patungo sa mabisang elemento ng pagtuturo, tulad lamang nitong estratehiya, kasanayan, maging pamamaraan (Llagas, 2021).

Demokratikong Estilo ng Pagtuturo. Sa teknikang ito, tagapagturo'y nagiging tagapagtaguyod maging kritikal ngang kaisipan ng kanilang tinuturuan. Binibigyang-diwa ang kolaborasyon, itinuturong pagpapahalaga o pagtutulungan para mahanap sapat na sagot sa hamon ng bawat silid-aralan. Sa ganitong paraan, ang mag-aaral ay tinuturuan na maging mapanagot at makibahagi sa prosesong pagsulong ng komunidad at lipunan. Layunin nitong mapanatiling mapabuti bawat indibidwal maging pagsulong ng mga kasanayan sa pagsasaalang-alang, pakikipagtulungan sa pagresolba yaong problema, o pagbuo yaring kasanayan sa malikhain at mabilisang pag-iisip (Runciman, 2018).

Samantala, hinahayaang makamtan ng estuyanteng matamo yaong demokratikong estilo makapili kung ano at paano ng ba matututo. Kung kaya, isang pagpupulong at talakayan nga'y nagkakasundo ang estudyante at guro sa mga patakaran at pamamaraan sa loob ng silid. Kagaya lamang nitong hamon o isyung kagandahang-asal, maging edukasyon ay nalulutas din dahil nga nitong pagpupulong o pakikipagtalastasan. Samantala, mga patakaran ay kolaborasyon ng guro't mag-aaral sapagkat ang demokratikong silid-aralan ay may kaniya-kaniyang natatanging aksyon sa bawat katangian ng mga mag-aaral (Epstein, 2019).

Kaugnay nito, ang demokratikong estilo ay isang pagsasanay o paraang pamumuhay higit pang ating mag-aaral. Ipinagkakatiwala ng paaralan ang pagkatuto, gawain, at asal hikayatin silang ipahayag kanilang opinyong may kinalaman sa aspetong sariling pagkatuto nitong asignatura. Ang mga guro ay naroroon upang tumulong kaysa sa magturo. Gamit yaong pag-aalok ng pagkakataon nitong mga kabataan na maging bahagi bilang indibidwal higit sa desisyong tumutugon sa damdamin ng pagkakapantay-pantay at katarungan (Koblin, 2021).

Samantala, gagamitin itong teknika upang iparating ang nilalaman ng isang paksa na tinatalakay, na magbubunga sa makabuluhang paglilipat ng kaalaman sa kabataan. Ito rin ay naglalaman ng pagsusulong maisiwalat kanilang karunungan maging pagsusuri batay ng isang paksa o isyung tinatalakay. Gamit

yaong d—mabilang na estratehiya ng guro, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan. Kaakibat nga itong pagpapaunladng demokratikong prinsipyo at proseso (Collins, 2019).

Samakatuwid, pinatunayan ngang natamo nila itong epektibong kakanyahang pagiging mamamayan, tulad ng pagbibigay-halaga sa mga pangunahing karapatan at kalayaan, pagpapasiya at mga desisyon kaugnay ang pagtupad sa kanilang mga responsibilidad loob man o labas ng paaralan. Naniniwalang higit natutuhan ang kasanayang mapanlikhang pagninilay gamit yaong pagbibigay nitong lumaya makibahagi, maging kabilang sa bawat desisyon. Bilang pagsuporta dito, ang diskusyon ay nagbibigay tugon yaring kabataan ng demokratikong katangian, tulad nitong kasanayang pag-aanalisa, pati na rin ang pagbibigay-halaga sa opinyon ng iba (Yesilyurt, 2019).

Awtorisadong Etilo ng Pagtuturo. Ang estilo pamamahala sa silid-aralan na may awtoritaryan ay iniuugma bilang ang isang guro na may ganap na kontrol sa silid-aralan. Hindi binibigyan tuon yaong mag-aaral kanilang kakayahang maging aktibo't makisali. Guro ang nagbigay-pansin at kontrol sa lahat ng aspeto ng klase. Sa istilong ito, hinihikayat na makilahok at makipagtulungan ngunit sumunod din sa mga patakaran. Itong istilong pamumunong pinapayagan ding magmungkahi ang mag-aral sa pagbabagong pinaniniwalaang magiging kapaki-pakinabang sa kapaligiran ng silid-aralan. Pinahahalagahan ng tagapagturo bawat opinyon maging pagpupuna hinggil sa kanilang sa kapaligirang nakasanayan at ideyang maaaring isama upang gawing mas gumanda ito (Fenner-McAdoo, 2021).

Bukod dito, pagpili sa naayong metodo ng pagbibigay-karunungan nitong Filipino ay para makamtan mabisang kakanyahan kaakibat ang tagapagturo. Sa awtorisadong estilong pagtuturo, mataas itong estruktura maging suportang mataas na pakikilahok at tagumpay sa komprehensibong pagtuturo sa pagkatuto sa pang-akademikong salik, at mas kaunti o walang mga problema sa kahinaan ng pag-iisip, mas mababang pagliban, at pang-aapi sa mga mag-aaral. Ang isang positibong ugnayan yaring tagapagturo-tinuturuang mahalagang bahagi ng may suportadong dimensiyon ng awtorisadong pagtuturo (Bear, 2020).

Dagdag pa, ang takot at pananakot na pinapalaganap ng awtoritaryanong pagtuturo ay nagpapigil sa tinuturuang ipahayag yaong alalahanin o magtanong bunga ng takot. Ang isang mapagkalingang kapaligirang pagsasanay ay nasisira kapag guro at tinuturuang'y nawawalan ng tiwala maging pagrespeto bawat isa, na karaniwang nagbubunga nitong dinamikong kapangyarihan sa awtoritaryanong silid-aralan. Madalas, tagapagturo'y kaugaliang pagpapatawa't maaaring pabor na gumamit ng awtoritaryan pamamahala sa silid-aralan upang bawasan ang kanais-nais na dulot nitong isang maluwag na kapaligiran, maaaring makaapekto kapag negatibong pagdisiplina sa tinuturuan (Sahin, 2021).

Samantalang, ang konstruktibong kritisismo na ibinibigay sa isang awtoritatibong natatanging paraan, lakas ng tinuturuan. Ginugugol ng mga guro ang oras upang makilala ang bawat natatanging kasanayan, hilig, at mga hamon ng bawat tinuturuang magbigay pagpupunang may kaukulang relatibong kaalaman. Tulad nitong silid-aralan, ang tiwala at ugnayan ay pinapalago ng personalisadong paraan ng guro, na nagpapakita na bawat mag-aaral ay pinahahalagahan at nirespeto bilang isang indibidwal. Sa kabilang dako, makatitiyak na lumilikha at nagpapanatili ng positibong, kaaya-ayang kapaligirang nakatutulong sa kakanyahan. Maging ating interpersonal na pananaw sa pagtuturo, ang isang magiliw at maaliwalas na klima sa silid-aralan ang nagtataguyod at nagpapanatili ng isang positibong at komportableng kapaligiran para sa pag-aaral (Erasmus, 2019).

Gayunpaman, ang pagpapatupad ng tagapag-bigay karunungan yaong patakaran na epektibong nakakabawas ng hindi kanais-nais na katangian nang hindi pinipigilan ang kalayaan o pagsibol ng

tinuturuan. Nasisigurong bawat tinuturuang bitbit yaring kamalayan ating kahihinatnan ng paglabag sa patakaran, inaasahang tagapagturo ay magtatag ng malinaw na inaasahang patakaran para sa silid-aralan kahit unang araw pa lamang. Kung organisado, may kaayusan at seguridad bawat silid na tumutulong na malaman kung ano ang wastong pag-uugali na kinakailangan isakatuparan. Samakatuwid, madalas na ginagamit ng mga awtoritatibong guro ang mga konbensyonal at may lohikal na istrakturang pamamaraan sa pagtuturo (Barni, 2018).

Laissez Faire na Estilo ng Pagtuturo. Ang estilong pamamahala bawat klase na *laissez faire* ay ipinakikita gamit yaong pag-alok ng oportunidad sa tinuturuang gawing tulay kanilang nararamdaman na tama o angkop. Sa estilong pagtuturo sa paaralan itinutugma sa di gaanong pakikialam sa tinuturuan. Kung pagbabasehan, nagbibigay-impormasyon ang tagapagturo na kinakailangan ng tinuturuang mapanagutan ang gawain. Ang tinuturuang mataas ang kalayaang pumili ng mga paraan at kasangkapan para maabot ang kanilang layunin nang walang pakikialam ng guro sa kanilang gawain kapag ginagamit ang ganitong estilo ng pagtuturo. Ito ay nagbibigay-daan para sa pag-aaral at pag-unlad dahil malayang paraang matuto may pagkukusa (Pathak, 2022).

Dagdag pa, ang guro na may istilong *laissez-faire* ay hindi gaanong nakikialam sa silid-aralan. Ang gurong ito ay hindi nag-aatas ng maraming hinihinging gawain, kung meron man, sa tinuturuan at tila di-gaanong interesado. Itong estilong pamamahala sa silid-aralan ay nag-iiba mula sa isang guro patungo sa iba depende sa paksa ng aralin, ang layunin ng aralin, at ang uring kabataang tinuturuan. Gayunpaman, pag-uugali ng nagbibigay-kaisipanag maaaring magdulot nitong hindi kontroladong mga aksyon ng mga mag-aaral na mismong lumalabas sa kontrol ng kapaligiran sa klase. Ngunit inaasam ng tinuturuang ang mga guro na may ganitong istilo. Ito ay nagbibigay inspirasyon sa kahusayan gamit itong iba-ibang idelohiyang babauninh makakamtan ng bawat tinuturuan (Malec, 2021).

Datapwat ang estilo ng pamumuno sa pamamagitan ng *laissez-faire* ay isang metodong hinahayaan lamang nitong lider bawat tagasunod na bumuo ng pagpapasya. Ayon sa isang pag-aaral, madalas itong nagdudulot ng di-magandang bungang produksyon sa miyembro kada-grupo. Katulad ng iba pang mga pilosopiya ng pamumuno, mayroong mga potensyal na benepisyo at mga kahinaan sa ganitong estilo, kung kaya mahalaga na maging maalam tungkol dito. Ang pagsusuri ay kinakailangan upang malaman kung kailangan bang gamitin ang estilo ng pamumuno na *laissez-faire* o hindi (Cherry, 2018).

Gayunpaman, mayroon ding mga hamon sa paraan ng *laissez-faire* na kailangang harapin ng mga guro. Maaaring halos lahat ng tinuturuan ay mahihirapang mapanatili maging kanilang pokus o di-maisakatuparan ng angkop kanilang pag-aaral kapag hindi sila mabigyan ng sapat na gabay tulong. Bukod dito, mahalaga ang pagtutugma ng balanse sa pagitan ng kaayusan at kalayaan upang hindi maramdaman ng mga bata na naliligaw o naaabala sila kanilang mga gawain. Kailangang hanapin ng mga guro kung paano bigyang-tugon ang tinuturuan ng estratehiya o pagsuportang magtulak ng positibong kagandahang-asal yaong tagapagturo-tinuturuan (Giang, 2019).

Samakatuwid, itong estilong pagtuturo magdulot ng magandang epekto pagdating sa disiplina. Sa kadahilanang bawat tinuturuan mabigyang makapagpasya sa desisyon, maging disiplinado gawin kanilang pang-akademiko. Kapag tagapagbigay-karunungan aygumagamit nitong estilo ito ay nagkakaroon ng katalinuhan at pagtitiyaga upang makatitiyak sa tinuturuang mapanatiling tama bawat landas, may sapat paggabay sa kanilang pag-unlad. Ito ang magpapataas ng kooperasyon at pakikilahok ng tinuturuang magpapababa sa nakababahalang asal sa apat ng kwadrado ng silid (Ogbo, 2020).

Kakaibang Estilo ng Pagtuturo. Maaaring hikayatin sa pamamaraang ito ng guro ang kanyang tinuturuang sumali sa ekstrakurikulang gawain, sapagkat ganitong mga programang pampaaralang

nagtataglay yaring malaking oportunidad higit sa estudyante na makilahok. Ang ekstrakurikulang gawaing pagpapaunlad nitong kasanayang panlipunan, katangiang pamumuno, at interes ng tinuturuan kaakibat sa larangan maging pang-akademya. Kaugnay nito, madalas naipapakitang pagnanais ng mga guro sa sariling paglago yaong mag-aaral, kadalasang mga motibadong estudyanteng madalas nagtataglay yaring pagkukusang kumikilos. Bukod dito, naapektuhan ang akademikong motibasyon, ugali, at tagumpay sa paaralan na ipinapakitang pangangalaga bawat guro, pati pagtatasa at mga inaasahang gawain ng guro (Ford, 2019).

Samantala, nakikiisa ang tagapagturo sa prosesong ito. Nagtatakda sila nitong inaasahang gawaing kanilang tinuturuan habang ipinapakita yaring kaunting pag-aalala para sa pangkalahatan. Ang paglalakbay at mga proyekto ay hindi isang opsyon. Hindi sila nagpaplano ng aralin kung ano at paano matutugunan ang epektibong pagtuturo. Isang karaniwang paniniwala sa kanila ay ang pag-aaral para sa isang pagsusulit ay hindi kapaki-pakinabang taon-taon, maaaring ipagpatuloy nilang gamitin ang parehong mga materyales sa kurso. Hindi sapat ang disiplina sa silid-aralan. Kaakibat ang kawalan ng tapang at kumpiyansa na kinakailangan upang pagsabihan ang mga mag-aaral (Aktan & Sezer, 2018).

Bilang karagdagan, ang kawalan ng pagganap ng tagapagturong nakakaapekto, maging kanilang sariling gawain. Halos hindi sila naglalaan ng oras o nagmamasid maging kanilang tinuturuan pagkatapos sa oras ng klase. Bukod pa rito, bihira ang mga guro na ito na lumilikha maging patakarang pampamahalaan kasamang edukasyonal karanasang kanilang Tinuturuan. Dagdag pa, ang mga guro kabilang yaong kakulangan ng partisipasyon sa mga aktibidad sa silid-aralan ay nagpapakita ng matinding kawalan ng motibasyon sa pagtuturo (Ihtiyaroglu, 2018).

Ipinapakita sa talahanayan 11 ang antas ng estilo ng pagtuturo ng mga guro. Ang mean ng bawat indikektor at kaukulang deskripsyon ay kabilang sa mga datos na

Talahanayan 9

Antas ng Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro Batay sa Laissez Faire na Estilo ng Pagtuturo

<i>Laissez Faire</i> na Estilo ng Pagtuturo	Mean	Deskripsyon
1. natututo ako sa mabuting pagdidisiplina ng aking guro.	4.34	Pinakamataas
2. ipinapaalam sa amin ng aming guro ang mga pasya pagkatapos makabuo ng desisyon.	4.25	Mataas
3. natututo ako ng kagandahang-asal dahil sa aking guro na nagsilbing modelo.	4.26	Pinakamataas
4. pinapaliwanag at tinutulungan ako ng aking guro upang lubos na maunawaan ang takdang-aralin kapag nahihirapan akong sagutin ito.	4.19	Mataas
5. nararamdaman ko ang presensya at matiyagang pakikinig ng aking guro kapag may mga katanungan akong ipinapahayag.	4.17	Mataas
KABUOAN	4.24	Mataas

inilahad. Mailalarawan sa resulta na mula sa apat na mga indikektor, natamo ng salik na *laissez fair* ang

kabuoang mean na 4.24 na may kaukulang deskripsyon na “mataas”. Nangangahulugan lamang na ang mga guro ay may malawak ng responsibilidad hindi lamang sa pagbibigay-kaalaman sa loob ng paaralan ngunit maging pati sa katangian na dapat taglayin ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, malaki ang ang papel na ginagampanan ng mga guro sa paghubog sa katauhan ng mga estudyante.

Bilang karagdagan, ang indikektor na awtorisadong estilo naman ang pumapangalawa sa nagtamo ng pinakamataas na mean na 4.12 o may kaukulang deskripsyon na “mataas”. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro ay may salungat na paglalarawan sa awtorisadong pamamaraan kaugnay ang pamamahala at kontrol sa loob ng silid-aralan. Ibig sabihin, ang mga guro ay nagbibigay ng pagkakataon upang makapagmungkahi ang mga mag-aaral ng kanilang sariling ideya o opinyon at maging gabay sa pagkatuto. Sa kabilang banda, natamo naman ng indikektor demokratikong estilo ang pangatlong may pinakamataas na mean sa estilo ng pagtuturo ng mga guro. Ito ay may kabuoang mean na 3.94 na inilarawan sa deskripsyon na “mataas”.

Talahanayan 10

Antas ng Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro Batay sa Kakaibang Estilo ng Pagtuturo

Kakaibang Estilo ng Pagtuturo	Mean	Deskripsyon
1. nakikipag-usap ang aking guro tungkol sa aking pang-araw-araw na buhay kapag hindi oras ng klase.	3.51	Mataas
2. pinapasali ako ng aking guro sa mga gawaing ekstrakurikular na mga aktibidad.	3.61	Mataas
3. una kong nilalapitan ang aking guro kapag nararamdaman kong nagkakamali ako.	3.54	Mataas
4. nararamdaman ko ang lubos na pagmamalasakit ng aking guro.	3.93	Mataas
5. natatamo ko ang sariling pagkatuto dahil sa mahusay na paggabay ng aking guro.	4.09	Mataas
KABUOAN	3.73	Mataas

Nangangahulugan lamang na ang mga guro ay naging instrumento sa pagbuo ng magandang relasyon sa pagitan ng kanilang mga mag-aaral. Ibig sabihin, naging pundasyon ang kanilang magandang komunikasyon upang higit na maramdaman ng mga mag-aaral na sila ay pinapakinggan at Karapatan na ipahayag ang kanilang mga sarili at makilahok sa talakayan.

Samakatuwid, ng nakakuha naman ng pinakamababang mean sa lahat ng indikektor sa estilo ng pagtuturo ng mga guro na kakaibang estilo o *indifferent style*. Nagatamo ito ng mean na 3.73 na may kaukulang deskripsyon na “mataas”. Batay sa resulta, madalas pa ring natutugunan ng mga guro ang kanilang presensya at pagmamalasakit sa mga mag-aaral higit sa tungkulin ng pagiging guro. Ibig sabihin, mas natatamo at natutuklasan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling kakanyahan dahil sa magandang pakikitungo ng mga guro na magsilbing gabay at magamit nila sa totoong buhay.

Sa kabuoan, ang estilo ng pagtuturo ng mga guro ay nagtamo ng pangkalahatang mean na 4.01 na may kaukulang deskripsyon na “mataas”. Nangangahulugan na ang pamamaraan o estratehiya na isinasabuhay ng mga guro ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, na ang resulta ay

nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral sa unang taon ng institusyon ng edukasyon ay madalas na nakikita ang inilarawang mga indikektor sa pagtuturo.

Talahanayan 11
Buod sa Antas ng Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro

Indikektor	Mean	Deskripsyon
Demokratikong Estilo ng Pagtuturo	3.94	Mataas
Awtorisadong Estilo ng Pagtuturo	4.12	Mataas
<i>Laissez Faire</i> na Estilo ng Pagtuturo	4.24	Mataas
Kakaibang Estilo ng Pagtuturo	3.73	Mataas
KABUOAN	4.01	Mataas

Sa kabuoan, ang estilo ng pagtuturo ng mga guro ay nagtamo ng pangkalahatang mean na 4.01 na may kaukulang deskripsyon na “mataas”. Nangangahulugan na ang pamamaraan o estratehiya na isinasabuhay ng mga guro ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, na ang resulta ay nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral sa unang taon ng institusyon ng edukasyon ay madalas na nakikita ang tinukoy na mga indikektor ng estilo ng pagtuturo ng mga guro.

Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino at Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang resulta ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Lawak ng Pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino at Estilo ng Pagtuturo ng mga guro sa unang taon ng Institusyon ng edukasyon (ITED).

Gamit ang masinsinang pagsusuri at pag-aaral sa talahanayan, ang pangkalahatang mean ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ay 3.98 samantalang, ang estilo ng pagtuturo ng mga guro ay nagtamo ng kabuoang mean na 4.01. Ang dalawang baryabol ay may kabuoang .706 *r-value* na nagpapakita ng isang positibong ugnayan sa pagitan ng mga talatandaan at dahil ang antas ng posibilidad na .001 ay mas mababa kaysa sa antas ng kahalagahan na .706.

Samakatuwid, ang *null na hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro sa Unang Taon ng Institusyon ng edukasyon (ITED sa Kapalong College of Agriculture Sciences at Technology ay *rejected*).

Talahanayan 12
Makabuluhang ugnayan sa Pagitan ng Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino at Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro

Variable	Mean	R-Value	P-Value	Decision @=0.05
Lawak Ng Pagpapahalaga	3.98	.706	<.001	H₀ Rejected
Estilo Ng Pagtuturo	4.01			

Ipinapahiwatig sa resulta na ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino mayroong epekto sa estilo ng pagtuturo ng mga guro. Ibig sabihin, ang lawak ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral ay nasusukat sa kakayahan o estilo ng pagtuturo ng mga guro at maarari ring maging dahilan sa kawalan ng motibasyon o kawilihan na matuto sa asignatura.

Kabanata 4

DISKUSYON

Sa kabanatang ito ay mailalahad ang paglalagom, konklusyon, ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol at rekomendasyon batay sa nalikom na datos tungkol sa lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro sa Unang Taon ng Institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.

Lawak ng Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Institusyon ng Edukasyon (ITED)

Ang pangkalahatang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga respondente ay inilalarawan na mataas sa kabuoan ng lahat ng palatandaan nito: **interes/kawilihan sa asignatura, motibasyon sa pag-aaral, paggawa ng kursong pangangailangan, at paggamit ng wikang Filipino.**

Maiuugnay ito sa tinalakay na pag-aaral ni Cams (2020) na kung saan isiniwalat niya na ang pagbibigay-halaga sa asignatura ay maliwanag na nakasaad alinsunod sa Sirkular Blg. 26. Dito nakapaloob na ang wikang Pambansa ay ituturo sa kagawaran ng edukasyon. Ito ay nangangahulugan na ang kooperatibong paglunsad ng kautusan ng pamahalaan ang nag-ugat sa mas malawak na pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Ang lawak sa pagpapahalaga sa asignaturang Filipino kaakibat ng **paggamit ng wikang Filipino** ay inilarawan bilang mataas. Maihahalintulad ito sa pahayag ni Quia (2018) na ang paggamit ng wikang Filipino ay may malalim at mahalagang bahagi sa pagpapahayag ng ating kultura, identidad, at pagkakakilanlan. Bunsod nito, napapalalim ang ating ugnayan na maging aktibo sa ating lipunan maging sa loob ng ating paaralan sa pakikipagtalakayan. Sa layong ito, higit nating napahalagahan ang wikang humubog sa ating pagkakakilanlan ng may pagmamalaki at husay sa pakikipagtalastasan.

Sa karagdagan, maiuugnay din ang pananaliksik ni Dira (2021) na kung saan pinatunayan niya na ang paghanga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay magbubukas-daan sa kanila upang mas gamitin, palawakin, at pahalagahan ito nang higit sa inaasahan. Sa kabilang banda, pinatunayan nito na ang pagkakaroon ng pagnanais na matuto at pagpapayabong sa paggamit ng wika ay nagdudulot na lubusang pagpapahalaga na hasain ang ating mga sarili at ipagmaki sa iba.

Samantala, ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino sa tuntunin ng **paggawa ng kursong pangangailangan** ay kabilang sa saklaw na nagpapahiwatig ng may kaukulang deskripsyon na “mataas”. Maihahalintulad ito sa isinagawang pananaliksik ni Rodriguez (2020). Ayon sa kanya, ito ay nagbibigay ng gabay at pamamaraan sa malalim na pag-unawa at pagpapaunlad ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng mga pangangailangan sa asignaturang Filipino. Dahil dito, napananagutan nila ang kanilang tungkulin na naiintindihan ang pangangailangan sa pagbuo ng may kaayusan. Nangangahulugan lamang na ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino kaakibat sa paggawa ng kursong pangangailangan ay mataas.

Ito naman ay nahahalintulad sa pag-aaral ni McClure (2022), napatunayan na sa pamamagitan ng paggawa, mas nagiging motibado ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng bagong kaalaman at kasanayan para sa kanilang sariling pag-unlad sa hinaharap. Sa ganitong paraan, mas nasusubok ang kanilang kakayahan,

determinasyon, at tiyaga upang magkaroon ng disiplina sa sarili at makabuo ng higit sa inaasahang tagumpay mula sa mga gawain. Isinisiwalat nito na ang pagkakaroon ng proyekto o gawain ay nakatutulong sa kanilang pamamaraan bilang disiplina sa kanilang pag-aaral.

Ang lawak ng pagpapahalaga naman sa asignaturang Filipino sa tuntunin ng **motibasyon sa pag-aaral** ay inilarawan din bilang mataas. Ito ay maihahalintulad sa pananaliksik ni Dweck (2019) na nagpapatunay na nakakamtan ng isang mag-aaral ang lakas ng loob sa pagpupursigi at determinasyon sa pag-aaral kung may sapat silang motibasyon sa pagharap sa mga hamon sa loob ng klase at nagaganyak silang matuto sa paraan ng pagtuturo ng mga guro. Ibig sabihin nito na mataas ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pakikinig sapagkat nadadala sila sa pagbibigay - buhay sa pagtuturo ng mga guro.

Sa karagdagan, maiuugnay ito sa pahayag ni Reeve (2021) na kung saan isiniwalat niya na nakakaapekto sa motibasyon ng mga mag-aaral ang sosyal na mga salik kung nararamdaman nila ang higit na suporta at pagpapahalaga ng kanilang mga guro at kaaya-ayang katauhan nito. Inilahad niya rin, na matatamo ng isang mag-aaral ang pagkatuto kapag higit niyang naisasangkot ang sarili sa aralin, at natutugunan ang sapat na oras sa pagkatuto. Bagaman ito ang may pinakamababang

Samakatuwid, ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang sa tuntuning **interes/ kawilihan** ay nagtamo o inilarawan din bilang mataas. Nangangahulugan lamang ito na mataas ang kanilang kawilihan na matuto sa asignatura kapag nakasasagot at nakikibahagi sa talakayan gamit ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan. Maiuugnay ito sa pahayag ni Bajala (2021) na ang magiliw na pakikibahagi at pagganap sa talakayan. Ibig sabihin, karamihan sa mga mag-aaral ay may kawilihan na makibahagi at maging aktibo sa mga gawain sa loob ng klase.

Kaugnay nga rin sa pag-aaral ni Singh (2020) na ang pagganap ng isang guro sa pagpapahayag ng ideya ng malinaw at maayos ang isang dahilan sa pagtaas ng interes o kawilihan ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang kanilang malalim na pag-unawa at koneksyon sa klase ang nagsisilbing lakas ng loob sa pagbuo ng kuryusidad na mas lalong magtulak sa kanilang umalam at alamin ang mga bagay-bagay ng may kawilihan. Kabilang ang pagpapahalaga sa asignatura at interes na matuto. Ito ay nagpapahiwatig na mataas ang interes/kawilihan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral kung naisasakatuparan nila ang kanilang karunungan sa pagpapalawak ng kanilang buhay mula sa mag aralin o leksyon na kanilang natutunan mula sa asignatura.

Antas ng Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro

Ang pangkalahatang antas ng estilo ng pagtuturo ng mga guro batay sa naging tugon ng mga respondente ay inilalarawan na mataas sa kabuoan ng lahat ng indikektor nito: **demokratiko, awtorisado, laissez faire, at kakaibang estilo ng pagtuturo.**

Maihahalintulad ito sa pananaliksik ni Manny (2019) na napatunayang ang pagsaalang-alang sa epektibong estilo ng pagtuturo ng mga guro ay naipapakita sa pagkatuto ng mga mag-aaral, na humahasa sa pag-unlad at husay ng mga guro sa kanilang mga kakayahan upang mahubog ang kritikal na pag-iisip ng kanilang mga mag-aaral.

Kaugnay nito, ang antas ng **laissez faire** na estilo ng pagtuturo ng mga guro ay inilarawan bilang mataas na siyang nagtamo ng pinakamataas na *mean* sa apat na indikektor. Nangangahulugan lamang ito na ang **laissez faire** na pamamaraan ay madalas na naipapakita ng mga guro sa Unang Taon sa Institusyon ng Edukasyon sa KCAST. Bilang batayan, maiuugnay ito sa pahayag ni Ogbo (2020) na pinagtibay na ang ganitong pamamaraan ng mga guro ang humuhubog sa mga mag-aaral na magkaroon ng disiplina sa sarili sa pang-akademikong gawain at sa sarili. Kaugnay ang maayos na paggabay sa pagtalima sa masamang

kaugalian. Ibig sabihin, na nakabubuo ang mga guro ng epektibong paraan hindi lamang sa pagtuon sa kanilang kaalaman maging ang pagtuon sa kanilang mabuting katangian.

Dagdag nito, lumalabas din sa resulta ng pag-aaral ni Giang (2019) na nagsabing ang mga guro ay kailangang magkaroon ng balanse sa kaayusan at kalayaan ng mga mag-aaral. Kung kaya, epektibong estilo at suporta ng guro sa paghubog sa katangian ng mga mag-aaral ang magiging batayan upang matamo ng mga mag-aaral ang kagandang-asal sa loob at labas ng paaralan. Nangangahulugan lamang ito na nagbibigay-tugon ang mga guro sa pagkabalisa at katanungan ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, binibigyang-pansin ng guro ang presensya at mungkahing nais ipahayag ng mga mag-aaral.

Ang antas ng **awtorisadong estilo** ng pagtuturo ng mga guro ay inilarawan din bilang mataas. Napatunayan ito sa pahayag ni Bear (2020) na nagsiwalat sa mahalagang papel na ginagampanan ng guro gamit ang tamang puna sa angkop na estratehiya kabilang ang mataas na pakikilahok at tagumpay sa komprehensibong pagtuturo at maayos na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ito ay nangangahulugan na pinaghahandaan ng guro ng maayos at malinaw ang bawat talakayan sa paghahatid ng kaalaman ng epektibo, madaling maintindihan at komprehensibo.

Samantala, ang pagkakaroon ng nakakaaliw o pabor na kapaligiran ay higit na nakakabawas ng di-kanais-nais na epekto sa maluwag na kaligirang pangklasrum sa awtorisadong estilo. Datapwat binigyang-diin sa naging pahayag ni Sahin (2021) sa antas ng awtorisadong pamamaraan na nagsiwalat sa kaaya-ayang kaugalian ng mga guro kaakibat ang maayos na tugon at malayang pagtanggap sa pagkabalisa ng mga mag-aaral. Isinisiwalat nito na ang mga guro ay madalas na nagbibigay ng puna makapagbibigay ng kumpiyansa mula sa natanggap nilang papuri at magandang salita sa mga guro sa loob ng klase.

Sa kabilang banda, ang antas ng **demokratikong estilo** ng pagtuturo ng mga guro ay inilarawan bilang mataas. Bilang batayan, maiuugnay ito sa pahayag ni Koblin (2021) na pinagtibay na ang ganitong pamamaraan ay nagbibigay kalayaan sa mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa asignatura bilang bahagi sa pagbuo ng bawat desisyon sa loob ng silid-aralan. Isinisiwalat lamang nito na ang mga guro ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makapagpahayag ng kanilang sariling ideya o opinion upang mapaunlad ang kanilang sariling kasanayan.

Dagdag pa, maihahalintulad ito sa naging pag-aaral ni Collins (2019) na nagpatunay na naisasakatuparan ang pagkatuto ng mga mag-aaral at pansariling kasanayan sa pamamagitan ng mga estratehiya at estilong inihanda ng mga guro sa pagkakaroon ng demokratikong pamamahala at prinsipyo na nabubuo sa loob ng kaligirang pangklasrum. Ito ay nangangahulugang madalas isinaalang-alang ng mga guro ang posibleng suhestiyon o ideya ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga patakarang o tuntunin. Inilalarawan din nito na madalas nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ihayag ang sariling pagganap bago tuluyang makapagpasya ang guro sa mga desisyon sa loob ng silid-aralan.

Gayundin, ang antas ng **kakaibang estilo** naman ay inilarawang mataas. Ipinapahiwatig nito na higit pa sa pagiging guro ang kanyang responsibilidad upang lubusang sanayin ang mga mag-aaral sa mas malawak na pagtukoy sa tunay nitong kakanyahan. Ito ay kaugnay sa pag-aaral ni Ford (2019) nagpatunay na naapektuhan ang pagkukusa ng mga mag-aaral na matuto at maging motibado sa pagkamit ng sariling pag-unlad sa larangang pang-akademiko. Ibig sabihin, nabibigay ng mga guro ang nararapat na pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral kaugnay sa kanilang mabisang pagkatuto sa mga aralin sa asignaturang Filipino.

Sa kabilang dako, ang kakayahan ng mga guro sa pagtupad ng pangunahing tungkulin ang nagsisilbing saligan ng mga mag-aaral na matugunan ang personal at pang-akademikong suliranin. Samakatuwid, sa pagpapalaganap ng maayos na relasyon sa mag-aaral ay nagdudulot ng dekalidad na edukasyon sa

pamamagitan ng makahulugang karanasan sa pagkatuto Ando (2022). Nangangahulugan lamang na hindi pinabayaan ng guro ang kapakanan ng mga mag-aaral at binibigyang-halaga ang magandang relasyon na makatutulong sa mga mag-aaral sa pag-unlad hindi lamang sa apat na sulod ng silid kundi maging sa totoong buhay.

Ugnayan sa Pagitan ng Lawak ng Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino at Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro

Ang resulta sa ugnayan ng dalawang baryabol mula sa nakaraang kabanata ay nagsiwalat na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro sa Unang Taon ng Institusyon (ITED) sa KCAST. Ito ay batay sa resulta na kung saan ang nakalkulang *R-value* ng pag-aaral ay .706 at ang *P-value* ay .001. Ito ay nakaangkla din sa pangkalahatang mean na inilarawan bilang "mataas" sa parehong lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng guro sa pagtuturo na may indikektor na demokratiko, awtorisado, *laissez faire* at kakaibang estilo na may malaking impluwensya o dulot sa pagpapalawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral na may indikektor na interes/ kawilihan, motibasyon sa pag-aaral, paggawa ng kursong pangangailangan at paggamit ng wikang Filipino.

Kung mataas ang pagganap sa epektibong pagtuturo ng mga guro, lumalabas na naapektuhan ang pangangailangan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang na ang mga guro na may kahandaan sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika ay nagdudulot ng mataas ng pagpapahalaga sa asignatura (Ponce, 2018).

Gayundin, ang karagdagang pagsasanay sa Filipino ng mga guro upang mas maging handa sa pagtuturo at magdudulot ng positibong ugnayan sa pagitan ng pagpapahalaga at bisa ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang kaalaman ng guro sa mga layunin at pamantayan ng kurikulum, kasanayan sa pagtuturo, at mga personal na interes, at mithiin ay mahalaga upang epektibong mapukaw ang lalim na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino (Barberos, 2018).

Samakatuwid, ayon naman kay Erikson (1978), ang mabisang pag-aaral sa silid-aralan ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na panatilihin ang interes ng mga mag-aaral, na magdadala sa kanila sa makabuluhang pag-aaral. Sa ganitong paraan, ang guro ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng proseso ng pag-aaral ng mga mag-aaral at paghubog sa malalim na pag-unawa at mas matagumpay na pagtamo ng kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga sa asignatura.

Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga respondente mula sa Unang Taon ng Institusyon ng Edukasyon (ITED) sa KCAST ay pinaboran na ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ayon sa interes/kawilihan sa asignatura, motibasyon sa pag-aaral, paggawa ng mga kursong pangangailangan at paggamit ng wikang Filipino ay naisakatuparan sa kanilang pagkatuto at kakanyahan sa asignatura. Sa pag-aaral na ito, lumalabas na ang paggamit ng wikang Filipino ang nangungunang indikektor na sinundan ng paggawa ng mga kursong pangangailangan, motibasyon sa pag-aaral at interes/ kawilihan bilang panghuli.

Samantala, sinang-ayunan naman ng mga respondente na ang estilo ng pagtuturo ng mga guro batay sa demokratiko, awtorisado, *laissez-faire*, at kakaibang estilo ay madalas na naipapamalas at pinapakita ng mga guro. Dagdag pa, ang *laissez-faire* ay ang may pinakamataas na *mean* iskor sa apat na indikektor na sinundan ng awtorisado, demokratiko, at kakaibang estilo na parehong sumasaklaw sa "mataas" na marka.

Ipinapakita ng pangkalahatang resulta na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro sa Unang Taon ng Institusyon ng Edukasyon sa KCAST. Ang resulta o kabuuang *mean* sa lawak ng pagpapahalaga sa asignatura ay mas mababa kumpara sa estilo ng pagtuturo ng mga guro. Nangangahulugan lamang ito na ang malayang baryabol na lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ay nakabatay sa estilo ng pagtuturo ng mga guro. Bukod pa rito, napag-alaman ng mananaliksik na mas mababa pa ang *p-value* o *level of significance* kung kaya ang *null* na haypotesis na nagsasaad na, "walang makabuluhang ugnayan ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino at estilo ng pagtuturo ng mga guro ay *rejected*. Kaya, ito ay nagpapatunay na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Rekomendasyon

Ang mga mungkahi ng mananaliksik ay batay sa mga resulta at kabuoan ng papel. Sa mga nabanggit na natuklasan sa pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay ginawa:

Ang paggamit ng wikang Filipino sa unang taon ng KCAST ay natuklasan bilang mataas. Datapwat mula sa mga aytem sa bawat indikektor ng lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ang nakakuha ng pinakamababang *mean* ay ang interes/ kawilihan sa asignatura. Iminumungkahi ng mananaliksik na maaaring sanayin ng mga mag-aaral at guro ang paggamit ng teknolohiya, tulad ng mga *online platform*, *educational apps*, at *multimedia resources* na nakatuon sa pagtuturo ng Filipino, upang mas maging *modern*, nakakaengganyo at interaktibo ang karanasan sa pagkatuto at magsilbing dagdag na kagamitan para sa pagpapalawak ng bokabularyo at komunikasyon sa Filipino.

Maliban pa, ang motibasyon sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa KCAST ay nakakuha ng deskriptibong mataas bagkus ito ang pangalawa sa nakakuha ng may pinakamababang *mean* sa lahat ng indikektor. Gayunpaman, inirerekomenda sa bawat guro na linangin ang epektibong estratehiya na tumutugon sa pansariling motibasyon ng mga mag-aaral na matuto ng kusa kaakibat ang angkop na pagganap ng mga guro sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto.

Bilang karagdagan, ang *Laissez Faire* na estilo ng pagtuturo ng mga guro sa unang taon ng ITED sa KCAST ay nakakuha ng mataas. Ang indikektor na kakaibang estilo ng pagtuturo ay nagtamo ng pinakamababang *mean* ngunit may napakaunting pagkakalayo lamang ito mula sa indikektor na demokratikong estilo ng pagtuturo. Samakatuwid, iminumungkahi rin na bigyang-tugon ang higit sa inaasahang akademikong kakanyahan ng isang guro gamit ang epektibong angkop na estilo na magpapamulat sa kasanayan ng bawat mag-aaral na isakatuparan ang direktang pagsasanay at kalayaang matuto sa asignaturang Filipino.

Sa huli, ang lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ay bahagyang nakakapekto sa estilo ng pagtuturo ng mga guro sa Unang Taon ng Institusyon (ITED) sa KCAST. Isinisiwalat nito na ang mga mag-aaral ay may higit na pagkakataon na makabuo ng panibagong mga suliranin at salik na nagbibigay-diin hindi lamang partikular sa kasanayan o estilo ng guro ang bibigyang-pansin. Inaasahang ang susunod na mananalik ay makakahanap ng iba pang saklaw na mga baryabol na hindi sakop ng kasalukuyang pag-aaral. Bukod dito, maaari rin nilang ituon ang pokus sa mas matataas na antas sa kolehiyo na higit na kumakawala sa pagkatuto ng asignatura bilang may higit na pag-unawa bilang mga kalahok.

TALASANGGUNIAN

1. Allen, K. (2020). Adjusting to online learning and other things you did not anticipate this year. Monash University.

2. Albay, J. (2019). Epekto ng Modernisasyon ng Wikang Filipino sa Pag-aaral ng mga Senior High sa School Universidad ng Pangasinan. <https://www.academia.edu>.
3. Abad, (2016.) Used of Television to the Effectiveness of Performance Level of Students. Lugsod ng Batangas: Pambansang Pamantasan ng Batangas.
4. Ando, K., (2022). Learning without Learning in the New Normal: College Education Students Lived Experiences in Blended Learning Modality. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 2(6), 455-464. doi: 10.5281/zenodo.6791799.
5. Barni, D. (2018). Teachers' values as predictors of classroom management styles: A relative weight analysis. *Frontiers in Psychology*, 9. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2018.01970>
- Bajala, A. (2021). Pagpapahalaga, Pananaw, Interes at Performans sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 7. <https://www.studocu.com/ph/document/filamer-christian-university>.
6. Bago & Go. (2021). Epekto ng Paggamit ng Salitang Balbal sa Komunikasyon ng mga Piling mag-aaral sa High School ng Taytay United Methodist Christian School.
7. Bear, G. G. (2020). *Improving school climate*. Routledge.
8. Cabello, C. A. (2022). Part-Time Instructors in the Higher Education Institutions: The Less, The Limited, The Left-over, and The Survivors. *Journal of Positive School Psychology*, 6(3), 6202-6214.
9. Cams, L. (2020). Kasaysayan ng Wikang Pambansa. <https://www.teachersngpinas.com/2020/10/filipino-reviewer-lesson-4-gen-ed.html>
10. Chang, Y. C. (2010). "Students' perceptions of teaching styles and use of learning strategies." master's thesis, university of Tennessee. Retrieved on October 1, 2018 from http://trace.tennessee.edu/utk_gradthes/782.
11. Chen, Y. C. (2008), An investigation of the relationships between teaching style and studies achievement. (Unpublished master's thesis). Retrieved 9, 20018 from <https://education.cu-portland.edu/>
12. Collins, J.(2019). Democratic Spaces: How Teachers Establish and Sustain Democracy and Education in Their Classrooms. *Democracy and Education*, 27 (1), Article 3.
13. Corpuz, Brenda B. at Lucas, Maria Rita D. *Facilitating Learning: A Meta-Cognitive Process*. Quezon City: Lorimar Publishing Inc, 2007. 93-94.
14. Denzin, N., & Lincoln, Y. (2011). *The SAGE handbook of qualitative research*. SAGE.
15. Davis, E. A., & Kim, H. (2021). Choice and interest in the classroom: A review of the literature. *Educational Psychologist*, 56(1), 1-24.
16. Dela Cruz, R. M., & Reyes, A. B. (2018). Personal interest and connection in Filipino language learning. *Journal of Filipino Language and Culture*, 16(2), 1-12.
17. Diasti, S. K. (2020). Exploring Undergraduate Students Motivation-regulation Strategies in Thesis Writing. <https://doi.org/10.15294/lc.v14i2.23450>.
18. Erasmus, S. (2019). The relationship between school climate, classroom climate, and emotional intelligence in primary school learners from Durban, KwaZulu-Natal [Doctoral dissertation, University of South Africa].
19. Epstein V. What happens in the democratic classroom? [Internet]. Kars 4 Kids; 2019. Available from: <https://parenting.kars4kids.org/atic-classroom/>
20. Ford, T. G. (2019). The effects of leader support for teacher psychological needs on teacher burnout, commitment, and intent to leave. *Journal of Educational Administration*, 57(6), 615- 634. <https://doi.org/10.1108/jea-09-2018-0185>

21. Fenner-McAdoo, E. (2021). Exploring Classroom Management Styles. <https://www.teachhub.com/classroom-management>.
22. Fleming, (2021). Hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. <https://www.academia.edu/111913803/>
23. Gannaban, M. F. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. Tomo 6 bilang 2. Philippine E-Journals. <https://ejournals.ph/article.php?id=16040>.
24. Global Journal of Foreign Language Teaching (2018). <https://www.coursehero.com/file/p4slj5lc/aaral-Subalit-magkaiba-ito-sa-tuon-ng-pag-aaral-ang-kaniyang-pag-aaral>.
25. Global Journal of Foreign Language Teaching (2018). Na ang mga estilo ng pagkatuto ay magkakaiba sa pang-unawa sa mga impormasyon.
26. Giang, B. T. (2019). Classroom management styles and teacher- student relationship congruency: its influence on student learning outcomes. TNU Journal of Science and Technology, 199(6), 11-16. DOI: 10.34238/tnujst.2019.06.333.
27. Ihtiyaroglu, N. (2018). Analyzing the Relationship between Happiness, Teachers' Level of Satisfaction with Life and Classroom Management Profiles. Universal Journal of Educational Research, 6(10), 2227 - 2237.
28. Kelly, M. (2019). Four tips for effective classroom management. Resources for Educators.
29. Koblin, J. (2021). Democratic School Education. <https://sproutsschools.com>.
30. Kezejah Cañete, (2019). Pananaw Ng Mga Mag Aaral Ng Colegio San Augustin Bacolod Sa Kahalagahan Ng Pagtuturo Ng Kursong Filipino a Kolehiyo <https://www.coursehero.com/file/80444627/FILIPINO-FINALdocx>.
31. Llagas. (2021). Epektibong pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Baitang sa Dibisyon ng Lungsod ng Santa Rosa Kaugnay ng Pag-aaral ng Panitikan: Batayan sa Pagbuo ng Estilo ng Kadawyan, <https://www.studocu.com>.
32. Manalus, (2021). Hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. <https://www.academia.edu/111913803/M>
33. Manny V. (2019). Isang dakilang propesyon. <http://balita.net.ph/2019/09/18/isang-dakilang-propesyonunang-bahagi/>
34. McClure, N. (2022). Demonstrated the importance and significance of the subject matter. <https://www.ideaedu.org/idea-notes-on-instruction/demonstrated-the-importance-and-significance-of-the-subject-matter/>
35. Ogbo, R. N. (2020). Relationship between teachers' classroom management styles and pupils' discipline in public primary schools in Anambra State, Nigeria. International Journal of Scientific and Research Publications, 10(3), 392.
36. Pathak, A. (2022, March 3). What is laissez-faire leadership? its 8 advantages and disadvantages. Nurture an Engaged and Satisfied Workforce | Vantage Circle HR Blog. Retrieved July 24, 2022, from <https://blog.vantagecircle.com/laissez-faire-leadership-style/>
37. Padayogdog, E. (2018). The effect of the teacher's teaching style on students' motivation action research –research – nyu steinhardt Retrieved on April 13, 2018 from <https://steinhardt.nyu.edu/teachlearn/research/action/motivation>.
38. Quiambao, A. (2018). Pagpapahalaga, Pananaw, Interes at Performans sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 7. <https://www.studocu.com/ph/document/filamer-christian-university>.

39. Quia et al. (2018). Epekto ng Paggamit ng Salitang Balbal sa Komunikasyon ng mga Piling mag-aaral sa High School ng Taytay United Methodist Christian School.
40. Reeve, J. (2021). *Understanding motivation and emotion*. Wiley. <https://www.wiley.com/enie/Understanding+Motivation+and+Emotion%2C+7th+Edition-p-9781119510260>.
41. Rodriguez, L. (2020). "Designing Effective Assessments for Student Learning: A Review of the Literature"
- Royo, J. (2019) Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-Aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo De Davao High School.
42. Robbi, A. (2020). Analysis of the Effect of Learning Motivation on Learning Achievement. *Journal of Educational Sciences*, 4(1), 106.
43. Runciman D. (2018). *How democracy ends*. London, England: Profile Books.
44. Şahin, A. (2021). Humor use in school settings: The perceptions of teachers. *Sakarya Academic Journal of Open*, 11(2), 1–16. DOI: 10.1177/21582440211022691
45. Sinag (2020). Ang Katotohanan sa New Normal sa Pambalikong Paaralan. anyo, kahalagahan ng pag-aaral at mga halimbawa ng akda sa bawat anyo. <https://dokumen.tips/documents/33306673-ano-ang-panitikan-handout1.html>
46. Singh, S. (2023). What is Research Design? Understand Types of Research Design, with Examples. doi: <https://researcher.life/blog/article/what-is-research-design>.
47. Smith, J. L., Putwain, D. W., & Dorman, J. A. (2019). The personal relevance of science: Exploring the role of personal relevance in students' interest in science. *International Journal of Science Education*, 41(1), 1-20.
48. Susilo, T., (2018, May). An analysis of teacher's preparation in implementing 2013 revision edition curriculum on mathematics specialization.
49. Sullera, F. (2015). Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Estudyante sa Asignaturang Filipino Kaugnay ng Kanilang Akademik Performans. In *Proceedings of the Conference Name*.
50. Teach, C. (2018). What do teachers do? teacher change lives, motivating students Retrieved November 22, 2018 from <https://teach.com/what/teachers-change-lives/motivating-students>.
51. Villafuerte, P. (2020). Wikang Katutubo: Tanghal ng Yaman at Kalinangang Katutubo. <https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/Panayam-ni-Pat-Villafuerte-BWP2021.pdf>
52. Valaro, 2018. Ang Pagtuturo ng Wikang Ingles Bilang Midyum na Salita; A review study. *EKEV*, 23(77), 121–146.
- Williams, C. (2011). Research methods. *Journal of Business & Economics Research (JBER)*, 5(3).
53. Yeşilyurt, E. (2019). Investigation of teaching approaches, methods and techniques with regards to the suitability of values education: A review study. *EKEV*, 23(77), 121–146.
- Zulfa D. (2017). <https://www.coursehero.com/file/133685503/kabanata-1-3-sipat-talunton-1docx/>